

Ano ang kailangan mong malaman

tungkol sa iyong gamot para sa latent (natutulog) tuberculosis (TB) na impeksyon

ISONIAZID at RIFAMPIN

Nabigyan ka ng gamot para gamutin ang iyong latent TB na impeksyon. Wala kang sakit na TB at hindi makakahawa ng TB sa ibang tao. Ang gamot na ito ay para **MAIWASAN** kang magkaroon ng sakit na TB.

Habang nasa gamot na ito:

- ✓ Sabihin sa iyong doktor o nurse kung ikaw ay may mga tanong o pagaalala tungkol sa gamot.
- ✓ Pumunta sa mga lingguhang pagbisita.
- ✓ Talakayin ang anumang paggamit ng alak sa doktor o nurse mo.
- ✓ Mas mabuti not huwag uminom ng alak habang uminom ng gamot na ito.
- ✓ Sabihin sa iyong doktor o nurse ang tungkol sa lahat ng ibang gamot na iyong iniinom.
- ✓ Tiyakizing sabihin sa iyong iba pang mga doktor na ginagamot ka para sa latent TB na impeksyon.
- ✓ Para sa ilang mga tao, mas mainam na inumin ang gamot na may pagkain.

Mga payo para matulungan kang inumin ang iyong gamot:

- ✓ Inumin ang iyong gamot sa parehong oras bawat araw.
- ✓ Magtakda ng paalalang alarma para sa oras kung kailan mo dapat inumin ang iyong gamot.
- ✓ Sabihan ang kapamilya o kaibigan na paalalahanan ka.
- ✓ Gumamit ng pillbox.
- ✓ Maglagay ng paalalang tala sa iyong salamin o refrigerator.
- ✓ Gumamit ng kalendaryo para tsekan ang araw kung kailan ka iinom ng iyong gamot.

Iskedyul ng gamot ng latent na TB na impeksyon:

(Mga provider: Tukuyin ang angkop na dami ng mga pildoras)

Gamot	Iskedyul	Dami ng pildoras bawat araw	Haba ng oras
Isoniazid at Rifampin	Araw-araw		3 buwan

Maaaring painumin ka ng iyong doktor ng bitamina B6 kasama ng gamot mo.

Mga tala

Pangalan ng aking doktor:

Pangalan ng aking klinika:

Numero ng telepono ng aking klinika:

Maaaring ibigay ang dokumentong ito kapag hiniling sa alternatibong anyo para sa mga indibidwal na may kapansanan o sa wika maliban sa Ingles para sa mga taong may limitadong kahusayan sa Ingles. Para hilingin ang publikasyong ito sa ibang anyo o wika, makipag-ugnay sa TB Control sa 503-358-8516.



Abangan ang mga posibleng problemang ito:

IHINTO ang pag-inom ng

gamot AT tawagan agad ang iyong doktor sa TB o nurse kung mayroon kang alinman sa mga problema sa ibaba:

- Mas kaunting ganang kumain, o walang gana para sa pagkain
- Sirang tiyan o paghilab ng tiyan
- Lagnat
- Pananakit ng ulo o katawan
- Pagduduwal o pagsusuka
- Ihi na kulay soda o Matingkad na kulay ng dumi
- Madaling magkaroon ng pasa o pagdudugo
- Pamamantal o pangangati
- Naninilaw na balat o mga mata
- Malalang kahinaan o kapaguran
- Pakiramdam na tinutusok ng karayom o pamamanhid sa iyong mga kamay at paa
- Pagkahilo

TALA: Normal kung ang iyong ihi, laway o luha ay naging kulay orange. Ang mga soft contact lense ay maaaring mamantsahan.

Oregon
Health
Authority

PUBLIC HEALTH DIVISION
Health System Transformation